## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Nakapanood ka na ba ng isang pangmusikang pagtatanghal na may mga tradisyunal na sayaw at tugtuging Pilipino? Kapag nakikinig ka sa radyo, naiisip mo ba kung pinakikinggan din ng mga taga-ibang bansa ang mga tugtuging pinakikinggan mo? Sa pamamagitan ng modyul na ito, matututuhan mo ang tungkol sa iba't ibang uri ng mga tradisyunal na tugtugin ng ating bansa pati ang mga tugtugin ng ating mga kapatid sa Asya. Malalaman mo na marami kang pagkakatulad sa ibang mga Asyano. Matututuhan mo na parehong-pareho ang ating mga tradisyunal na sayaw at tugtugin sa mga sayaw at tugtugin sa iba pang mga bansa sa Asya.

Noong bata ka pa, siguradong naglaro kayo ng iyong mga kaibigan ng iba't ibang laro. Malamang din ay sumali kayo sa iba't ibang paligsahang pampalakasan. Sa modyul na ito ay matututuhan mo na ang mga tao sa buong Asya ay mahilig maglaro at sumali sa mga paligsahan. Ito ang dahilan kung bakit mayroon tayong mga paligsahan katulad ng Palarong ASEAN (ASEAN GAMES) at *Olympics.* Sa pag-aaral mo ng modyul na ito, matututuhan mo rin ang iba't ibang isports sa buong Asya.

May tatlong aralin ang modyul na ito.

Aralin 1 – *Halinang Umawit!*

Aralin 2 – *Tayo'y Sumayaw!*

Aralin 3 – *Ang Kanilang mga Laro*

## Anu-ano ang Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, dapat ay magawa mo nang:

- tukuyin ang iba't ibang awitin at instrumentong pang-musika sa Asya;
- tukuyin ang iba't ibang uri ng mga sayaw sa Asya;
- tukuyin ang mga pagkakapareho ng mga tugtugin at sayaw sa iba't ibang bansa sa Asya;
- tukuyin ang iba't ibang laro at paligsahang pampalakasan sa Asya;
- ipaliwanag ang kahalagahan ng iba't ibang tugtugin at sayaw sa mga Asyano; at
- ipaliwanag kung bakit importante ang paligsahang pampalakasan at mga laro sa mga Asyano.

Handa ka na ba? Tingnan kung ano na ang iyong nalalaman tungkol sa aralin.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Sagutin ang mga tanong sa ibaba upang malaman mo kung hanggang saan na ang iyong nalalaman tungkol sa paksa.


A. Tingnan ang mga larawan ng mga instrumento sa ibaba. Masasabi mo ba kung ano ang pangalan ng bawat isa at kung saang relihiyon ito matatagpuan sa Asya? Piliin ang tamang sagot sa kahon. Isulat ang iyong mga sagot sa patlang.

Mga instrumento:

| | | |
|---|---|---|
| Kulintang | Ruan | Gong Ageng |
| Koto | Suling Bali | Sitar |

Saan ito ginagamit:

| | |
|---|---|
| Timog-Silangan Asya | Kanlurang Asya |
| Silangang Asya | Hilagang Asya |
| Timog Asya | |




Ang instrumentong ito ay tinatawag na

________________________

Ito ay ginagamit sa

________________________




Ang instrumentong ito ay tinatawag na

________________________

Ito ay ginagamit sa

________________________




Ang instrumentong ito ay tinatawag na

_______________________

Ito ay ginagamit sa

_______________________




Ang instrumentong ito ay tinatawag na

_______________________

Ito ay ginagamit sa

_______________________




Ang instrumentong ito ay tinatawag na

_______________________

Ito ay ginagamit sa

_______________________



Ang instrumentong ito ay tinatawag na

_______________________

Ito ay ginagamit sa

_______________________

B. Ipaliwanag kung bakit ang musika at mga sayaw ay mahalaga sa mga Asyano. Isulat ang iyong sagot sa ibaba.

_______________________________________________________

_______________________________________________________

_______________________________________________________

C. Basahin ang bawat tanong sa ibaba. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ang Kulintangan ay katulad ng ________________ sa Indonesia.

   a. Gamelan

   b. Dalandan

   c. Gendelan

2. Alin sa mga pares ng mga di-kwerdas na instrumento sa ibaba ang magkatulad?

   a. gitara ng Europa at Suling Bali ng Indonesia

   b. Koto ng Silangang Asya at Sitar ng Timog Asya

   c. Sitar ng Silangang Asya at Kulintang ng Timog-Silangang Asya

3. Ang isa sa mga pinakapopular na paksa ng iba't ibang awit sa buong Asya ay ang

   a. palengke

   b. pag-ibig

   c. iyong bahay

D. Matatagpuan sa buong Asya ang napakaraming uri ng sayaw. Isulat ang pangalan ng ilan sa mga sayaw na ito at sabihin kung saang bansa nanggaling ang bawat itsa. Isulat ang iyong mga sagot sa ibaba.

1. ____________________________________________________

2. ____________________________________________________

3. ____________________________________________________

4. ____________________________________________________

E. Alin sa mga sayaw sa ibaba ang sinasayaw nang may hawak na kandila? Lagyan ng tsek (4) ang guhit.

_______ 1. Ang Candl'abra ng Kanlurang Asya

_______ 2. Ang Fon Thien ng Thailand


_______ 3. Ang Larm See ng Tsina

_______ 4. Ang Wira Pertiwi ng Indonesia


_______ 5. Ang Tarian Lilin ng Indonesia

_______ 6. Ang Pandanggo sa Ilaw ng Pilipinas


F. Alin sa mga isports sa ibaba ang nilalaro ng iba't ibang Asyano?



Ang isport na ito ay tinatawag na
___________________________



Ang isport na ito ay tinatawag na
___________________________



Ang isport na ito ay tinatawag na
___________________________

Ikumpara ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 49–52.


Ilan ang nasagot mo nang tama?

Mabuti kung lahat ng iyong mga sagot ay tama. Kung gayon marami ka nang alam sa paksang ito. Basahin mo na lang ang modyul na ito upang pagbalik-aralan ang iyong nalalaman na tungkol sa paksa.

Kung mayroon kang mga maling sagot, huwag mag-alala. Ang modyul na ito ay para sa iyo. Kung pag-aaralan mo itong mabuti mas marami kang matututuhan tungkol sa iba't ibang tugtugin, sayaw, at laro sa buong Asya.

Handa ka na ba? Simulan mo na ang unang aralin.

# Halinang Umawit!



Gaano kahalaga ang musika sa iyo? Siguro ay natutuwa kang makinig sa radyo saan ka man mapunta. Maaaring sinasabayan mo pa ang gusto mong kanta.

Maraming Asyano ang mahilig sa musika. Mahalaga rin ang musika dahil nagbibigay ito ng kasiyahan sa kanila at taglay pa nito ang mga paniniwala at pagpapahalaga ng bawat Asyano.


Sa araling ito ay matututuhan mo ang iba't ibang uri ng tugtugin sa Asya. Tingnan mo ang mapa ng Asya sa itaas. Pag-aralang mabuti ito. Malalaman mo ang pinanggalingan ng bawat uri ng tugtugin habang binabasa mo ang modyul na ito. Malalaman mo rin ang ating pagkakatulad sa ating mga kapatid na Asyano sa iyong pagbabasa nito.

Pagkatapos mong pag-aralan ang araling ito, dapat ay magawa mo nang:

- tukuyin ang iba't ibang uri ng mga instrumento sa musika na ginagamit ng mga Asyano;
- tukuyin ang pagkakapareho ng mga tugtugin ng iba't ibang tao sa Asya;
- tukuyin ang iba't ibang awiting kinakanta sa buong Asya; at
- ipaliwanag ang kahalagahan ng musika at ng pag-awit sa mga Asyano.

# Basahin Natin Ito

Basahin ang kuwento nina Robert, Julie, at Carlos sa ibaba.





## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Nagustuhan mo ba ang iyong binasa? Anong masasabi mo sa mga tauhan sa kuwento? Sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat sa patlang ang iyong sagot.

1. Sang-ayon ka ba sa pananaw ni Robert tungkol sa pag-aaral ng iba't ibang uri ng tugtugin sa buong Asya? Bakit? Bakit hindi?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

2. Kung ikaw si Robert, pupunta ka ba sa pagdiriwang sa pista ng bayan?

   ____________________________________________________________


   ____________________________________________________________

3. Mayroon ka bang naiisip na magandang dahilan kung bakit dapat pumunta sa pagdiriwang si Robert? Ano kaya ang matututuhan niya rito?

   ____________________________________________________________


   ____________________________________________________________

Nasagot mo ba ang mga tanong? Tingnan ang mga sagot sa pp. 51–52.




## Alamin Natin

Ipagpatuloy ang pagbabasa ng kuwento nina Robert, Julie, at Carlos nang manood sila sa pagtatanghal bilang bahagi ng pagdiriwang ng pista ng bayan.





Natutuwa akong turuan kayo ng tungkol sa iba't ibang uri ng tugtugin sa Asya. Maupo tayo at makinig kayo sa akin.
Salamat, Bb. Torres.
Ang unang bilang ay mula sa Indonesya. Gagamitin dito ang mga tradisyunal na instrumento na isinaayos sa isang orkestrang tinatawag na *gamelan*.


Naririto ang mga instrumento ng gamelan.
Gong Ageng (gong na yari sa brass)
Kendang Gending (dram)
Trompong (pahalang na mga gong)
Rebab (instrumentong mekwerdas)
Suling Bali (pluta)


Di ba may mga kaparehong instrumento ang mga iyon dito sa Pilipinas?
Oo nga, nakakita na ako ng instrumentong katulad ng trompong. Ang tawag dito ay *kulintang.*
Tama. Ang mga taga-Malaysia ay mayroon ding kaparehong instrumento.




Marami pang ibang magkakaparehong instrumento. Ang iba't ibang tao sa Asya ay may kani-kaniyang instrumento na katulad ng gitara. ang lahat ng ito ay di-kwerdas.









## Subukan Natin Ito


Natatandaan mo ba ang mga pangalan ng mga instrumentong nabasa mo na? Sabihin ang pangalan ng mga nakalarawan nang hindi tumitingin sa nabasa mo na. Isulat ang iyong mga sagot sa patlang.

Nasagot mo ba ang lahat? Ikumpara ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 52.


Maraming uri ng instrumento sa musika sa buong Asya. Karamihan sa mga ito ay magkakapareho ang itsura at tunog. Kahit saan ka man magpunta sa Asya, makakakita ka ng instrumentong katulad ng tambol at plawta. Ang mga ito ay mahalagang bahagi ng musika ng bawat bansa sa Asya. Alam mong ang gitara at *keyboard* ay mahalaga sa makabagong tugtugin. Gayundin ang mga instrumentong iyong natututuhan ay importante sa tradisyunal na musika sa buong Asya.





## Alamin Natin


Ipagpatuloy natin ang kuwento nina Robert, Julie, at Carlos.




Narito ang ilang mga titik ng awiting Ah Ya Helu.
Ah Ya Helu
O Kagandahan, O aking kapiling
Ikaw ang siyang nagpapaalab sa akin ng iyong pusong mapagparaya
Punan mo ang tasa, o Kagandahan,
at ibigay mo ito sa aking upang inumin.
dahil sa aking maalab na pagnanasa sa iyo,
ako'y hindi makatulog.
Ang lalim naman niyan. Ramdam na ramdam ko kung gaano kamahal ng lalaki ang babae rito.


Ang mga tubong Malaysia ay may chant na tinatawag na Sikir Barat. Ito ay isang awit ng papuri sa Diyos o kay Allah. Ang mga titik nito ay kadalasang nililikha habang ito ay kinakanta. Inaawit ito ng dalawang pangkat. Aawit ang unang pangkat ng ilang linya at ito ay sasagutin ng ikalawang pangkat.
Marami tayong naririnig na awiting tungkol sa pag-ibig sa radyo. May mga *rappers,* na bumubuo ng kanta para sagutin ang kanta ng ibang *rapper.* Kahit dito sa Pilipinas, maraming Kristiyano ang kumakanta ng mga awiting papuri sa Diyos.


May mga awit na kinakanta rin ng mga Asyano kapag sila'y gumagawa. Halimbawa, ang mga Ifugao sa ating bansa ay may kinakanta kapag nagtatanim ng palay. Ang awit na ito ay tinatawag na Ayoweng. Kapag sila naman ay nag-aani, kinakanta naman nila ang Loyad-Loyad. Ang mga Tsino ay mayroong awitin kapag nagtatanim ng palay. Narito ang awit ng mga Tsino:
Kapag lagi mong kinakanta ang awit sa kabundukan,
lalo itong gumaganda sa pandinig.
kapag lagi mong pinapalo



## Subukan Natin Ito


Basahin ang mga titik ng awit sa ibaba. Nasa kaliwa ang mga titik na Tagalog at nasa kanan naman ang mga titik sa Ingles. Subukan mong bumuo ng tono at awitin ito. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong sa ibaba.

| | |
|---|---|
| *Abaruray, Abarinding* | *Abaruray, Abarinding* |
| *Isauli mo ang singsing.* | *Please return the ring.* |
| *At kung hindi mo isasauli –* | *If you don't return it –* |
| *magagalit ang may-ari.* | *The owner will get mad.* |

1. Ano sa iyong palagay ang mensahe ng kanta.
   ____________________________________________________

2. Bilang Pilipino, mahalaga ba ang mensahe ng kanta para sa iyo? Bakit? Bakit hindi?
   ____________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 52.





## Alamin Natin

Ang awit sa itaas ay isang halimbawa ng kantang nagbibigay ng aral. Sa awit na ito, matututuhan mo ang kahalagahan ng pagsasauli ng mga bagay na di iyo.

Ang musika ay napakahalaga sa mga Asyano. Kung makikinig ka ng mga awitin sa buong Asya, mas lalo mong maiintindihan ang mga paniniwala at pagpapahalaga ng mga kapitbahay nating Asyano. Ang mga awitin na ito ay kadalasang tungkol sa mga bagay na mahalaga sa kanila (tulad ng pag-ibig, gawain, at pagpapahalaga). Kapag inaawit o pinakikinggan nila ang mga ito, napapaalalahanan sila ng mga paniniwala at pagpapahalagang importante sa kanila.

Tapusin natin ang kuwento nina Robert, Julie at Carlos.












# Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Sagutin ang mga sumusunod upang malaman kung hanggang saan ang iyong natutuhan.

A. Makikita sa ibaba ang larawan ng mga instrumento mula sa iba't ibang lugar sa Asya. Sabihin ang pangalan ng bawat isa at sabihin kung saang bansa ito ginagamit.

|  |  |  |
|---|---|---|
| Ang instrumentong tinatawag na ________________ | Ang instrumentong tinatawag na ________________ | Ang instrumentong tinatawag na ________________ |
| Ito ay ginagamit sa ________________ | Ito ay ginagamit sa ________________ | Ito ay ginagamit sa ________________ |


B. Ipaliwanag kung bakit mahalaga ang musika sa mga Asyano. Isulat ang sagot sa patlang.

____________________________________________________

____________________________________________________

____________________________________________________

C. Nasa ibaba ang larawan ng isang instrumento. Pagtambalin ang larawan at ang mga pangalan ng mga katulad na instrumento sa pamamagitan ng guhit.



Sitar

Xylophone

Drums

Koto

Rebab

D. Maraming awitin ang gustung-gustong kantahin ng ating mga kapatid na Asyano. Magkakaiba man ang mga tunog ng mga ito ay pareho naman ang kanilang pinapaksa. Lagyan ng tsek ang mga pinakapopular na paksa ng mga awiting ito.

_______ 1. pag-ibig

_______ 2. ang siyudad

_______ 3. gawain

_______ 4. papuri sa Diyos

_______ 5. paaralan

Ihambing ang inyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 53.



## Tandaan Natin

Tulad nating mga Pilipino, tunay na mahilig sa musika ang ating mga kapatid na Asyano dahil ito ay nagbibigay-aliw sa atin at ginagamit pa sa mga seremonya at mga panrelihiyong gawain.

Maraming instrumentong pang-musika sa Asya. Iba-iba ang kanilang pangalan ngunit magkakatulad naman sila. Makakakita ka ng instrumentong katulad ng:

- tambol
- instrumentong di-kuwerdas tulad ng koto, ruan, rebab at sitar
- gong
- plawta

May mga iba't ibang uri ng awit na gustung-gustong kantahin ng ating mga kapatid na Asyano. Maaaring naiiba ang tunog ng mga ito pero katulad din ito ng awiting Pilipino dahil pinapaksa rin nila ang

- pag-ibig;
- gawain; at
- pagpuri sa Diyos

# ARALIN 2

# Tayo'y Sumayaw

Saan ka man magpunta, siguradong may makikilala kang mahilig sumayaw o interesado sa pagsayaw. Maraming Asyano ang mahilig sumayaw. Importante ang pagsayaw sa kanila dahil ito ay isang magandang libangan. Ginagamit din nila ang mga sayaw sa mga seremonya o upang ipakilala ang mga paniniwala o ikuwento ang kanilang mga karanasan sa buhay. Kapag sumasayaw ang isang tao, hindi lamang ang paggalaw ng kanyang mga kamay at paa ang iyong nakikita. Bawat tradisyunal na sayaw ay nagsasaad ng mga bagay na mahalaga sa mga nagsasayaw nito. Minsan ang kasaysayan o ang nakalipas ng isang bansa ay nailalahad sa pamamagitan ng sayaw. Dahil dito kailangang pilitin nating damhin ang damdamin ng isang taong sumasayaw. Sa pamamagitan nito, mas lalo natin siyang makikilala at maiintindihan.



Makikilala mo sa araling ito ang iba't ibang uri ng mga sayaw sa buong Asya. Matutuhan mo rin ang kahalagahan ng mga ito sa ating mga kapatid na Asyano.

Pagkatapos ng aralin, dapat ay magawa mo nang

- ipaliwanag ang kahalagahan ng pagsasayaw sa iba't ibang mamamayan sa Asya;
- tukuyin ang pagkakatulad ng iba't ibang sayaw sa Asya; at
- tukuyin ang iba't ibang tradisyunal na sayaw sa Asya.

## Basahin Natin Ito

Basahin ang kuwento sa ibaba. Pagkatapos ay alamin kung ano ang iyong damdamin at opinyon sa kuwento.


### Ang Kuwento ng Sayaw ng Leon

Si Emil ay nakatira sa isang nayon kung saan ang lahat ay masaya. Mahal ng mga tao ang isa't isa at ang lahat ay magalang sa kanilang mga kanayon.

Ano pa nga ba't ang lahat ay nagkakaisa at nagkakasundo.

Masaya si Emil sa buhay niya sa nayon kapiling ang kanyang pamilya at mga kaibigan. Araw-araw ay nagtutungo siya sa bukid upang asikasuhin ang tanim na palay at iba pang tanim na kanilang inaani upang ihain sa hapag-kainan.

May mga gabing ang mga tao ay nagtitipun-tipon upang makinig sa mga kuwento tungkol sa nakalipas, o sa mga alamat. Ang mga alamat na ito ay tunay na may kakaibang panghalina kina Emil at sa mga kaibigan niya.



Isang araw nilusob ng mga mananalakay ang nayon nina Emil. Gusto nilang gawing bihag ang mga tagarito. Ninakaw rin nila ang mga ari-arian ng mga mamamayan. Makapangyarihan ang mga mananalakay dahil may mga dala silang mga armas. Takot na takot sina Emil at ang kanyang mga kaibigan. Nagplano sila ng mga gagawin sa kanilang problema. Humingi sila ng tulong sa mga hayop sa gubat, katulad ng leon.



Kaagad na sumagot ang leon ng "Aatungal ako nang malakas upang tumulong ang aking mga kapatid na leon." At umatungal nga ang leon ng pagkalakas-lakas kung kaya kahit sina Emil ay nagtakip ng mga tenga. Natakot ang mga tao nang marinig nila ang leon. Natakot din ang mga mananalakay. Di nagtagal at dumating ang mga leon at pinaligiran nila ang mga tao. Natakot sina Emil ngunit sinabihan sila ng kanilang kaibigang leon na huwag matakot. Sinabi nito sa mga kapwa-leon ang problema nina Emil. Galit na umatungal ang mga leon sa mga mananalakay. At nagplano ang mga ito.

Isang gabi nagtungo ang lahat ng mga leon sa nayon at sinugod ang mga mananalakay. Takot na takot na kumaripas ng takbo ang mga ito. Umatungal nang malakas ang mga leon sa kanila upang di na sila bumalik.



Mula noon, punumpuno ng pasasalamat ang mga tao sa mga leon. Madalas nilang isinasadula ang pagliligtas ng mga leon sa kanila mula sa mga mananalakay. Ang ibang mamamayan ay gumaganap na leon, gumaganap na taganayon naman ang iba, at may mga tumatayo bilang mga mananalakay. Isinasayaw nila ang papel o bahagi ng bawat tauhan, hanggang sa maging tradisyon ito bilang pag-alala sa araw na iniligtas ng mga leon ang mga tao. Di nagtagal at ito ay tinawag na Sayaw ng Leon.

Naging mahalagang pagtatanghal ito tuwing may pagdiriwang sa lugar nina Emil. Kahit na noong lumaki si Emil at ito ay magkaanak at magkaapo, isinasagawa pa rin ng mga tao ang Sayaw ng Leon.

Hanggang ngayon, pinapalabas ng mga tao ang Sayaw ng Leon bilang pag-alala sa mga biyayang kanilang natanggap. At bago ito isinasagawa, isinasaad muna ang kuwento nina Emil at ng mga Leon.





## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang mga sagot sa patlang.

1. Anong sayaw ang nilikha ng mga mamamayan matapos silang tulungan ng mga leon?

   ____________________________________________________________

2. Bakit nila nilikha ang sayaw na ito?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

3. Bakit mahalaga sa mga tao na ipalabas ang mga sayaw na ito kahit lumipas na ang maraming taon?

    ______________________________________________________________


    ______________________________________________________________

4. Kunwari ikaw ay isa sa mga tao noong panahon nina Emil. Paano mong ipapaliwanag sa kabataan ang kahalagahan ng Sayaw ng Leon? Ano ang iyong sasabihin upang maintindihan nila ang kahalagahan nito sa mga sumunod na salinlahi sa iyong lugar?

    ______________________________________________________________

    ______________________________________________________________

Nasagot mo ba ang lahat ng tanong? Ikumpara ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 54



## Alamin Natin

Ang kuwento sa nakaraang gawain ay tungkol sa isang bagay na mahalaga sa isang pangkat ng mga tao. Malaki ang pasasalamat ng mga taganayon at iniligtas sila ng mga leon mula sa mga mananalakay. Upang gunitain ito, nilikha ng mga tao ang Sayaw ng Leon. Ipinaalala ng sayaw na ito ang araw na iniligtas ng mga leon ang kanilang nayon. Mahalaga rin ang sayaw na ito dahil sa pamamagitan nito ay ipinakita ng mga tao ang kanilang pasasalamat sa grasya at biyayang nanggagaling sa Diyos.

Karamihan sa mga tradisyunal na sayaw sa buong Asya ay may dala-dalang kuwento. Itinatanghal ang mga ito dahil sa pagbibigay ng mga ito ng kasiyahan at kahulugan sa buhay ng mga taong nagsasayaw nito. Mahalaga ang marami sa tradisyunal na sayaw dahil sa mga kuwentong kasaysayan ng mga tao na ipinakikita ng mga ito. Isinasaad din nila kung ano ang importante sa ilang pangkat ng mga tao.

Kapag nanonood tayo ng sayaw, nagkakaroon tayo ng pagkakataong matutuhan at maintindihan ang iba’t ibang bagay tungkol sa ibang tao.




## Subukan Natin Ito

Narito ang listahan ng mga pangalan ng mga sayaw sa buong Asya. Hanapin ang bawat salita sa kahon ng mga titik sa ibaba. Maaaring ang mga ito ay nakasulat nang pahalang, patayo, pabalik, o palihis.

| | | | |
|---|---|---|---|
| THILLANA | TARIANASYIK | MAKAN SIREH | NGAJAT |
| RENJISHI | RUM AUY PORN | KHON | WIRA PERTIWI |

| | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| T | A | R | I | A | N | A | S | Y | I | K | N | M |
| W | M | O | D | E | G | I | N | G | A | J | A | T |
| I | N | A | X | Z | A | W | I | R | O | P | I | T |
| R | R | E | K | E | D | A | N | M | O | Y | P | H |
| A | O | V | R | A | Y | O | P | M | O | H | K | I |
| P | P | I | Z | E | N | F | I | E | U | M | I | L |
| E | Y | H | C | R | A | S | T | P | A | R | K | L |
| R | U | P | R | E | N | J | I | S | H | I | O | A |
| T | A | H | I | A | R | L | I | R | E | M | E | N |
| I | M | J | A | S | M | A | N | T | E | N | K | A |
| W | U | W | I | R | A | M | A | R | K | H | O | N |
| I | R | N | O | R | K | H | U | N | D | I | P | O |

Ihambing ang inyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 55.




## Alamin Natin

Sa nakalipas na gawain, natutuhan mo kung paanong ang isang sayaw ay naging mahalagang bahagi ng kultura ng mga taong nagsasayaw nito. Maraming sayaw ang may kuwento. Ang kuwentong ito ay maaaring tungkol sa isang tao o pangyayari. Maaari ring ito ay isang alamat. Sa unang gawain, nabasa mo ang tungkol sa kuwento nina Emil at ng mga leon. Lumikha ng sayaw ang mga tao upang bigyang-karangalan ang mga leon na nagligtas sa kanila sa mga kamay ng mga mananalakay dahil tunay na makahulugan ito sa kanila.

Basahin ang kuwento ni Brenda sa ibaba. Siya ay naghahanda ng report sa klase. Hiniling niyang makinig si Francis sa kanya habang nagsasanay siya.




Ang **Tarian Asyik** ay isang sayaw sa Indonesia. Ito ay tungkol sa kuwento ng isang reyna na naging napakalungkot nang mawala ang kanyang alagang ibon. Mahal na mahal niya ang kanyang alagang ibon. At siya ay malungkot na malungkot. Nilikha ng kanyang mga tagapagsilbi ang sayaw upang siya ay mapasaya.






Ang mga taga-Malaysia naman ay may sayaw na tinatawag ng **Tarian Makan Sireh.** Ang ibig sabihin ng Sireh ay dahon ng bunga. Ito ay mahalagang bahagi ng kaugaliaan ng mga taga-Malaysia. Ang sayaw ay itinatanghal upang ipakita ang malugod na pagtanggap sa mga bisita mula sa ibang lugar. Ang sayaw na ito ay nagsasaad din ng pagbibigay ng regalo sa isang asawang lalaking susuong sa digmaan.


Ang **Ngajat** ay isa ring sayaw sa Malaysia. Isinasayaw ito ng mga mandirigmang nagtagumpay sa digmaan. Mayroon ding sayaw ng mga mandirigma na itinatanghal ng mga babae sa Indonesia. Ito ay tinatawag na **Wira Pertiwi.**



Ngajat




Wira Pertiwi



Marami pang iba't ibang uri ng sayaw sa Timog-Silangang Asya. May sayaw ang mga taga-Thailand na tinatawag na ***Khon***. Maraming tauhan ang sayaw na ito. Isinasaad nito kung paano nagtatagumpay ang kabutihan sa kasamaan.

Napakarami ring sayaw sa Timog-Silangang Asya ang ginagamitan ng mga kandila. Isa na rito ang *Tarian Lilin* ng Indonesia, isang sayaw na tungkol sa isang babaeng naghahanap sa gabi ng nawawalang singsing sa pamamagitan ng isang kandila. Ang iba pang sayaw na ginagamitan ng kandila ay ang *Fon Thien* ng Thailand at ang *Rentak Rentak Cahaya Lilin* ng Brunei.







## Subukan Natin Ito

Nagtanong si Brenda kay Francis tungkol sa kanyang ulat. Tulungan mo si Francis na sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang iyong mga sagot sa patlang.

1. Ano ang sayaw tungkol sa isang reyna at sa kanyang nawawalang alagang ibon?

   ______________________________________________________

2. Ano ang tawag sa sayaw ng mga mandirigma sa Indonesia?


   ______________________________________________________

3. Paano nagkakapareho ang Tarian Lilin ng Malaysia, Fon Thien ng Thailand, at Rentak Rentak Cahaya Lilin ng Brunei?

   ______________________________________________________


Nasagot mo bang lahat ang itinanong ni Brenda kay Francis? Ikumpara ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 55.

Basahin mo naman ngayon ang susunod na bahagi ng ulat ni Brenda.




## Alamin Natin

Narito ang kasunod na bahagi ng ulat ni Brenda.



Sa Tsina mayroong mga sayaw na nagdadala ng suwerte. Ito ang mga sayaw ng leon na tinatawag na Larm ***See.*** Nagsusuot ang mga mananayaw ng *costume* na leon at sumasayaw sila nang may sigla. Itinatanghal ang sayaw na ito kung gusto ng mga taong suwertihin. Kadalasang ipinapalabas ito sa pagdiriwang ng Bagong Taon ng mga Tsino at ng Moon Festival sa Agosto.



Ang ilan sa mga sayaw ay ginagawa nang may mahahabang baner na gawa sa balahibo ng manok. Ito ay simbolo ng pamamahagi ng mga naani o nahuling isda o hayop. Ang ibang mga sayaw naman ay itinatanghal nang may espada. Ito ang mga sayaw ng mga kawal na nagpapraktis para sa digmaan.





Sa Korea, mayroon silang sayaw na tinatawag na ***salp'uri.*** Ito ay sayaw para sa pagtataboy ng kamalasan. Kadalasang isinasayaw ito ng isang babae pero minsan ay may mga kalalakihang nagsasayaw din nito.

Sa Hapon naman, may mga sayaw na gumagaya sa mga galaw ng mga hayop. Isa sa mga sayaw na ito ay ang Renjishi, isang sayaw kung saan ang mga mananayaw ay may magagarang kasuotan at maskarang leon. Ang Renjishi ay kuwento ng leon na dinidisiplina ng kanyang ama. Mayroong ding sayaw ng mga usa ang mga Hapon. Gumagamit naman ng maskarang usa ang mga mananayaw nito.





## Subukan Natin Ito

Matapos ipagpatuloy ang pagbasa ng ulat, narito pa ang ilan sa mga tanong ni Brenda kay Francis. Tulungan mo si Francis na sagutin ang mga ito. Isulat ang mga sagot sa patlang.

1. Anu-ano ang mga sayaw sa Silangang Asya na itinatanghal upang suwertihin ang mga tao o itaboy ang kamalasan?

   ____________________________________________

   ____________________________________________

2. Saang bansa sinasayaw ang Renjishi?

   ____________________________________________

   ____________________________________________

3. Tungkol saan ang sayaw na Renjishi?

   ____________________________________________

   ____________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 55.

Ipagpatuloy mo ang pagbabasa ng ulat ni Brenda. Marami pang gustong malaman si Francis tungkol sa iba't ibang sayaw sa Asya. Basahin mong mabuti ang mga sumusunod at marami ka ring matututunan tungkol sa mga sayaw na ito.

## Alamin Natin





Sa Kanlurang Asya mayroong tinatawag na ***cabaret*** o *belly dance* na isinasayaw ng isang babae. Dapat ay mahusay ang mananayaw dahil kailangan niyang igalaw ang kanyang balakang at mga braso nang may lamyos. Minsan ay isinasagawa ang sayaw na ito na gamit ang espada. Ipinapakita nito ang kahusayan ng mananayaw. Mahirap ang pagsayaw nang may espada dahil kailangang balansehin ang espada sa ulo at sa balakang. Bago mo magawa ito, kailangan munang magsanay kang mabuti.





Mayroon ding sayaw na gamit ang mga kandila sa Kanlurang Asya. Ito ay tinatawag na candl'abra. Binabalanse ng mga mananayaw sa kanilang ulo ang mga kandelabra na may mga kandila. Mahirap din itong sayawin at ito ay isang pagsubok sa kanilang kahusayan bilang mananayaw.



Sa Timog Asya, karamihan sa mga sayaw ay ginagawa bilang dasal o pag-aalay sa kanilang mga diyos. Kadalasan maraming taon ang ginugugol ng mga mananayaw upang matutuhan ang mga sayaw, dahil ang sayaw ay isang tradisyong panrelihiyon. Kapag sila ay nagsasayaw, isinasagawa nila ito upang parangalan ang kanilang mga diyos. Narito ang ilan sa mga sayaw sa Timog Asya. Tunay na siniseryoso ng mga taga-Timog Asya ang pagsayaw. Ito ay paraan ng pagdiriwang at pagbibigay-pasasalamat sa mga kamay at paa na ibinigay ng kanilang diyos.








## Subukan Natin Ito

Narito pa ang ilang tanong ni Brenda kay Francis. Muli ay tulungan mo si Francis na sagutin ang mga ito. Isulat ang mga sagot sa patlang.

1. Anong sayaw sa Kanlurang Asya ang katulad ng Tarian Lilin ng Indonesia at ng Pandanggo sa Ilaw ng Pilipinas? Bakit?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

2. Magbigay ng dalawang sayaw o higit pa sa Timog Asya na ginagawa upang ipahiwatig ang pasasalamat at papuri sa Diyos.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 55.

Malinaw ba ang ulat ni Brenda? Tulad ni Francis marami ka rin bang natutunan? Nagustuhan mo ba ang pagbasa ng ulat ni Brenda at ang pagkatuto sa mga iba-ibang sayaw na ginagawa ng mga tao sa Asya?

Maayos ang pagkakagawa ni Brenda ng kanyang ulat, hindi ba? Marahil ay makapag-uulat siya nang mahusay sa klase.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Bakit hindi mo alamin kung gaano ang iyong natutunan sa aralin na ito? Sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang iyong mga sagot sa patlang.

A. 1. Matapos basahin ang ulat ni Brenda, sumasang-ayon ka ba na maraming pagkakatulad ang iba't ibang sayaw sa buong Asya?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Magbigay ng tatlong sayaw o higit pa mula sa iba-ibang lugar sa Asya na magkakapareho. Huwag kalimutang ilagay ang pinagmulan ng bawat sayaw.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________



3. Bakit magkakapareho ang mga sayaw na ito?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

B. Tingnan ang tatlong hanay sa ibaba. Sa unang hanay ay makikita ang mga pangalan ng mga sayaw sa Asya. Makikita naman sa gitnang hanay ang mga larawan ng iba't ibang sayaw sa buong Asya. Sa ikatlong hanay ay ang iba't ibang rehiyon sa Asya. Pagtambalin ang pangalan ng sayaw at ang larawan nito sa pamamagitan ng pagguhit. Pagkatapos ay pagtambalin ang bawat larawan at ang rehiyon kung saan matatagpuan ito.

| | | |
|---|---|---|
| Khon |  | Timog-Silangang Asya |
| Cabaret |  | Silangang Asya |
| Larm See |  | Kanlurang Asya |
| Wira Pertiwi |  | Timog Asya |

C. Basahin ang pangungusap. Sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang iyong mga sagot sa patlang.

*"Mahalaga ang pagsayaw sa mga tao dahil ito ay isang bagay na dapat mong gawin upang maigalaw ang iyong mga kamay at paa."*

1. Nagbibigay ba ng magandang paliwanag ang pangungusap na ito kung bakit importante ang pagsayaw sa iba't ibang tao sa Asya? Bakit?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Paano mong isusulat ang pangungusap upang maipaliwanag kung bakit mahalaga ang pagsayaw sa iba-ibang Asyano?

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 56–57.

Tama ba ang lahat ng iyong sagot?

## Tandaan Natin


- Ang pagsasayaw ay mahalaga sa mga Asyano dahil ito ay paraan ng pagpapahayag ng mga bagay na mahalaga sa kanila.
- May iba't ibang uri ng sayaw sa Asya. Iba-iba ang mga sayaw na ito pero may mga pagkakatulad din sila.
- Ang mga sayaw na ito ay itinatanghal upang:
  - magpasalamat sa magandang ani;
  - magpasalamat sa Diyos sa mga biyayang ibinibigay Niya;
  - malugod na tanggapin ang mga bisita; at
  - itaboy ang kamalasan at iba pa.

# Aralin 3

# Ang Kanilang Mga Laro

Naaalala mo pa ba ang iyong mga nilalaro noong ikaw ay bata pa? Sumali ka ba sa mga paligsahang pampalakasan? Maaaring marami kayong larong ginawa ng iyong mga kaibigan noong ikaw ay bata pa. Marahil din ay mas nasisiyahan ka ngayong maglaro ng balibol at basketbol.

Minsan ay nakakapanood ka ng mga palaro sa telebisyon o nakakabasa ka ng tungkol sa kanila sa mga diyaryo o nakakarinig ka ng mga balita tungkol sa kanila sa radyo. May mga paligsahang pampalakasan kung saan nagsasama-sama ang mga tao mula sa iba't ibang bansa. Isang halimbawa nito ay ang palarong ASEAN. Isa pang halimbawa ang Olympics.




Sa araling ito ay matututunan mo ang tungkol sa iba't ibang uri ng laro at paligsahang pampalakasan sa buong Asya. Pagkatapos ng aralin, dapat ay magawa mo nang:


- tukuyin ang iba't ibang laro sa buong Asya;
- tukuyin ang mga pampalakasang nilalaro ng iba't ibang tao sa buong Asya;
- tukuyin ang pagkakatulad ng mga laro sa buong Asya; at
- ipaliwanag kung bakit mahalaga ang mga laro at isports sa iba't ibang tao sa Asya.


## Subukan Natin Ito

Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Alamin kung ilang laro at isports ang iyong matutukoy. Isulat ang pangalan ng bawat isa sa patlang.






















Natukoy mo bang lahat ng pangalan ng mga larawan? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 57.



## Pag-isipan Natin Ito

Sa nakaraang gawain, ipinatukoy sa iyo ang mga pangalan ng mga laro at isports . May napansin ka ba sa mga larong iyon? Maaaring kilala mo ang lahat ng mga iyon. Maaaring nalaro mo ang lahat ng iyon nang ikaw ay bata pa. Ang mga larong iyong tinukoy ay nilalaro ng maraming Pilipino. Kilalang-kilala ang mga iyon dito sa ating bansa, kaya kilala mo ang mga ito.

Sa iyong palagay, gusto rin kaya ng ating mga kapatid na Asyano ang mga laro at isports na katulad ng mga ito? Anu-anong laro ang sa iyong palagay ay gustong laruin ng ibang Asyano? Bakit hindi mo isulat ang mga ito? Kung may kakilala ka na nakarating na sa ibang bansa, tanungin mo siya kung ano ang mga laro sa lugar na iyon. Isulat ang iyong mga sagot sa ibaba.


________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

Maaari mong talakayin ang mga sagot sa iyong kamag-anak o kaibigan o sa iyong tagapagturo. Pagkatapos ay gawin mo na ang susunod na pagsasanay. Matututunan mo ang mga isports at larong kinahihiligan ng mga tao sa buong Asya sa pamamagitan nito.



## Alamin Natin

Natutunan mo sa unang aralin na ang iba't ibang mga Asyano ay mahilig sa musika at ang magkakaibang uri ng musika sa Asya ay may mga pagkakatulad din. Nalaman mo naman sa ikalawang aralin na mahalaga ang mga sayaw sa mga Asyano. Ang mga sayaw na ito na itinatanghal ng iba't ibang Asyano ay magkakapareho rin. Sa araling ito matututunan mo naman ang tungkol sa mga laro at isports na kinahihiligan sa buong Asya.

Ang mga isports at laro ay importantante sa mga Asyano. Mahalaga ang isports dahil ang mga ito ay:

- nagpapalakas ng katawan ng mga manlalaro;
- nakakatulong upang maging maliksi ang isang tao dahil sa mas magandang takbo ng *oxygen* sa katawan; at

- nakakapagpapaunlad ng pagtutulungan ng mga magkakasama at nagtuturo sa mga tao upang tulung-tulong na gumawa para sa isang layunin.

Napapansin mo siguro na kapag ikaw ay naglalaro, nakakaramdam ka ng pagod sa simula pero pagkaraan nito ay gumaganda na rin ang iyong pakiramdam.Kadalasan ikaw ay mas nagiging masigla. Gayundin ang isports at ang paglalaro ay isang paraan upang marelaks at malibang. Marami ka ring makikilalang mga tao mula sa ibang lugar at magkakaroon ka pa ng mga bagong kaibigan  sa pamamagitan ng isports.



## Subukan Natin Ito

Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang iyong mga sagot sa patlang.

1. Sa iyong palagay, paano makatutulong sa iyong buhay ang isports at ang paglalaro?

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

2. Sumasang-ayon ka ba na ang paglalaro at ang isports ay mahalaga? Bakit? Bakit hindi?


   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 57.


Ngayon alamin naman natin ang iba't ibang laro at isports ng ating mga kapatid na Asyano.




# Alamin Natin

Naaalala mo ba ang unang gawain sa araling ito? Ipinatukoy sa iyo ang iba't ibang laro at isports. Marahil ay nakilala mo ang mga iyon dahil sikat sila sa Pilipinas. Pero hindi lamang sa ating bansa kilala ang mga larong iyon kundi sa ibang mga bansa rin sa buong Asya.


Narito ang ilang magakakatulad na laro sa Asya:




Ang laro sa Hapon na tinatawag na *Menko* ay kapareho ng laro sa Pilipinas na *Tex*.



Ang larong *Sepak Takraw* sa Malaysia ay katulad ng larong sipa sa Pilipinas.



Ang larong *Sam Pal Sun* sa Korea ay kapareho ng *Habulan* sa Pilipinas.



Ang larong tinatawag na *Der Ree* sa Thailand ay katulad ng larong *Patintero* sa Pilipinas.


Maraming Asyano ang mahilig maglaro ng kanluraning isports. Ang beysbol ay sikat sa Hapon at Pilipinas. Ang basketbol ay sikat na sikat sa maraming bansa sa Asya. Sa Kanlurang Asya, kilalang-kilala naman ang larong *soccer.*

Nakapaglaro ka na ba ng *wrestling*? Maraming Asyano ang mahilig sa larong ito. May iba't ibang uri ng wrestling sa iba't ibang bahagi ng Asya. Narito ang ilan sa kanila.

Ang bersyon ng mga Hapones ng larong wrestling ay tinatawag na Sumo. Sa bansang ito ang sumo wrestling ay isang sagradong isport. Ang mga paligsahan sa sumo wrestling ay tinaguriang ***Basho.*** Maraming tao ang nanonood ng mga torneyong ito. Ipinapalabas din ang mga ito sa telebisyon, katulad ng larong basketbol na pinanonood natin sa Pilipinas.




Sa Timog Asya mayroon silang larong wrestling na tinatawag na ***Kirip.*** Kailangang maghawak nang mahigpit ang mga manlalaro nito mula sa simula hanggang matapos ang laro. Sa Kanlurang Asya, mayroon silang martial art na tinatawag na Varzesh-e Bastani. Sa Iran naman, ang wrestling ay sagrado rin, katulad ng sumo wrestling sa Hapon.




Narito pa ang ilang mga larong sikat sa Pilipinas:



Ang *Trumpo* ay isang sikat na laro sa Pilipinas. Nilalaro ito sa pamamagitan ng pag-ikot ng isang trumpo. Ito ay nilalaro rin sa Indonesia, kung saan tinatawag itong gasing.



Ang larong *Chinese garter* ay larong kinahihiligan ng maraming bata sa Pilipinas. Ang larong ito ay nanggaling sa Tsina, kung saan kinahiligan din ito ng maraming bata.



Sa Pilipinas ang larong Holen o Jolen ay nilalaro gamit ang mga holen. Ang mga taga-Indonesia ay naglalaro din gamit ang mga holen, na tinatawag nilang kelereng.

Di mo ba akalain na ang ibang tao sa Asya ay mahilig sa mga laro at isports na katulad ng nilalaro ng mga Pilipino? Alam mo na ngayon kung ano ang iyong pagkakatulad sa ibang mga Asyano. Mahilig din sila sa mga laro at isports na iyo ring kinahihiligan. Magkakaiba ang kanilang mga pangalan pero kitang-kita ang kanilang pagkakapareho. Maliban sa musika at sayaw, marami ring pagkakatulad ang mga laro at isports sa buong Asya. Iyan ay isa na naman sa mga bagay na magkakatulad tayo ng ating mga kapatid na Asyano.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Bakit hindi mo alamin kung gaano na ang iyong natutuna sa aralin na ito? Sagutin ang mga tanong sa ibaba upang masubukan ang iyong pag-unawa sa aralin.

A. Tingnan ang tatlong pangkat ng mga salita sa ibaba. Pinaghalu-halo ang mga salita at walang kabuluhan ang bawat linya. Isaayos ang mga salita upang makabuo ng mga pangungusap tungkol sa kahalagahan ng mga laro at isports sa mga Asyano. Isulat ang sagot sa patlang.

1. ay katawan ng at mga nagpapalakas ng laro ang isports tao mga

   ______________________________________________________


2. isports ating oxygen mas dahil takbo pinaliliksi ang sa tayo pinagaganda katawan ng nito ng

   ______________________________________________________


3. layunin magkakasama nagtuturo ay nakakapagpaunlad ng ang isports upang gumawa mga ng isang tulung-tulong para pagtutulungan at tao sa mga sa

   ______________________________________________________

B. Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Sa kaliwang hanay ay ang mga larawan ng mga isports na nilalaro ng mga maraming tao sa Asya. Sa kanang hanay naman ay ang mga pangalan ng mga isports na ito. Pagtambalin ang larawan at ang pangalan sa pamamagitan ng guhit.



Sumo Wrestling




Soccer




Sepak Takraw


C. Masdan ang mga larawan sa ibaba. Sa una at ikatlong hanay ay makikita ang mga larawan ng mga laro ng maraming Asyano. Sa gitnang hanay ay ang listahan ng mga pangalan ng mga ito. Pagtambalin ang mga ito sa pamamagitan ng guhit.




Trumpo



Chinese Garter



Kelereng



Menko

D. Tingnan ang dalawang hanay sa ibaba. Sa unang hanay ay ang listahan ng mga larong kinahihiligan sa Pilipinas. Sa ikalawang hanay ay ang listahan ng mga larong kapareho ng mga ito. Pagtambalin ang magkaparehong laro sa pamamgitan ng guhit.

| | |
|---|---|
| Tex | Sam Pal Sun |
| Sipa | Der Ree |
| Habulan | Menko |
| Patintero | Sepak Takraw |

Nasagot mo ba ang lahat? Ikumpara ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 58–59.

Mabuti kung nasagot mo ang lahat ng mga tanong nang tama. Kung hindi naman, huwag kang mag-alala. Pagbalik-aralan mo na lang ang mga bahagi ng aralin na hindi mo naintindihan.

## Tandaan Natin

Maraming uri ng laro at isports ang nilalaro sa buong Asya. May mga laro sa Pilipinas na matatagpuan din sa ibang lugar sa Asya. Lamang ang mga ito ay tinatawag sa ibang pangalan. Halimbawa ay ang:

- Menko (katulad ng ating Tex)
- Sepak takraw (katulad ng ating Sipa)
- Kelereng (katulad ng ating Holen)

Mahalaga ang mga laro at isports sa mga Asyano. Narito ang ilan sa mga dahilan kung bakit:

- Nakapagpapalakas ng katawang ng mga manlalaro
- Nakatutulong upang maging maliksi dahil sa mas magandang takbo ng oxygen sa katawan
- Nakakapagpapaunlad ng pagtutulungan ng mga magkakasama at nagtuturo sa mga tao upang tulung-tulong na gumawa para sa isang layunin

Magkakatulad tayo ng ating mga kapatid na Asyano sa maraming bagay. Ang isports at laro ay ilan lamang sa mga bagay na iyon. Lahat tayo ay mahilig maglaro at sumali sa mga isports.



# Ibuod Natin

Magkakatulad tayo ng ating mga kapatid na Asyano sa maraming bagay. Ito ay mapatutunayan ng pagkakapareho ng ating

- Musika. Maraming awitin mula sa iba't ibang lugar sa Asya ang tungkol sa pag-ibig o papuri sa Diyos.
- Sayaw. May mga sayaw na nagsasaad ng kalungkutan o kasiyahan at itinatanghal nang may kandila o espada.
- Laro at isports. Maraming laro at isports dito sa Pilipinas na kinahihiligan din ng maraming tao sa ibang bahagi ng Asya.

Kung iyong pakaiisipin, malalaman mo na marami tayong pagkakatulad sa maraming bagay sa ating mga kapatid na Asyano. Maaari tayong makibahagi sa kanila dahil kinahihiligan natin ang magkakaparehong bagay. Dapat ay subukan nating matuto ng maraming bagay tungkol sa iba pang mga Asyano. Kapag marami na tayong alam sa kanila, madali na ang pakikipagkaibigan.





# Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

Natapos mo ang aralin sa modyul na ito. Alamin mo naman ngayon kung gaano ang iyong natutunan. Sagutin ang mga sumusunod na tanong.


A. Sa Indonesia mayroon silang isang uri ng orkestra na tinatawag na Gamelan. Lagyan ng tsek (4) ang patlang sa tabi ng mga instrumentong kasama sa Gamelan.

| | |
|---|---|
| ____Sitar | ____Gong Ageng |
| ____Trompong | ____Koto |
| ____Kulintang | ____Rebab |
| ____Suling Bali | ____Kendang Gending |
| ____Ruan | ____Guitar |

B. Makikita sa ibaba ang mga larawan ng iba-ibang sayaw sa buong Asya. Tukuyin ang pangalan ng bawat sayaw. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

________________ ________________ ________________

________________ ________________ ________________

C. Maraming awit sa Asya ang may magkakaibang tunog, pero may pagkakatulad ang mga ito. Ano ang tatlong pinakapalasak na paksa ng mga awit sa Asya?

1. ________________________________________________

2. ________________________________________________

3. ________________________________________________

D. Marami kang matatagpuang iba't ibang uri ng sayaw sa buong Asya. Karamihan sa mga sayaw na ito ay magkakatulad. Bumanggit ng dalawang sayaw o higit pa na magkatulad. Huwag mong kalimutang isulat ang pangalan ng lugar kung saan sila itinatanghal.

____________________________________________________

____________________________________________________

____________________________________________________

E. Buuin ang mga pangungusap sa ibaba upang makapagbigay ng paliwanag ang mga ito kung bakit mahagalaga ang musika, awitin, sayaw, isports at mga laro sa mga Asyano. Isulat ang iyong mga sagot sa patlang.

1. Ang musika at mga awitin ay mahalaga sa mga Asyano dahil

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Ang mga tradisyunal na sayaw sa Asya ay mahalaga dahil

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________


3. Ang mga isports at laro ay mahalaga sa mga Asyano dahil

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________




F. Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Ang bawat isa ay nagpapakita ng laro o isport sa Asya. Tukuyin ang pangalan ng bawat isa. Isulat ang sagot sa patlang.







_______________ _______________ _______________

Nasagot mo bang lahat ang mga tanong? Ikumpara ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 59–61.


Huwag mag-alala kung may mga mali sa iyong mga sagot. Balik-aralan na lamang ang hindi mo nasagot nang wasto.

Mabuti kung tama ang lahat ng iyong mga sagot. Ibig sabihin nito ay marami kang natutunan sa modyul na ito. Congratulations! Kung gayon ay tapos ka na sa modyul na ito. Maaari mo nang gawin ang sumusunod na modyul na NFE A & E.

# Batayan sa Pagwawasto

## A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pp. 3–5)*

A.




Ang instrumentong ito ay tinatawag na

**Gong Ageng**

Ito ay ginagamit sa

**Timog-Silangang Asya**




Ang instrumentong ito ay tinatawag na

**Ruan**

Ito ay ginagamit sa

**Silangang Asya**




Ang instrumentong ito ay tinatawag na

**Suling Bali**

Ito ay ginagamit sa

**Timog-Silangang Asya**





Ang instrumentong ito ay tinatawag na

**Sitar**

Ito ay ginagamit sa

**Timog Aya**

|  |  |
|---|---|
| Ang instrumentong ito ay tinatawag na **Kulintang** | Ang instrumentong ito ay tinatawag na **Koto** |
| Ito ay ginagamit sa **Timog-Silangang Asya** | Ito ay ginagamit sa **Silangang Asya** |

Kailangang ganito ang iyong mga sagot.

B. Ang musika at awitin ay mahalaga sa mga Asyano dahil ang mga ito ay kadalasang tungkol sa mga bagay na importante sa kanila (pag-ibig, buhay, gawain, at mga pagpapahalaga).

Ang mga sayaw ay mahalaga dahil isinasaad ng mga ito ang kasaysayan ng isang pangkat ng mga tao. Isinasaad din ng mga ito ang mga bagay na mahalaga sa mga taong iyon.

C. 1. Ang tamang sagot ay (a). Ang orkestra ng mga Indonesyo ay tinatawag na gamelan.

2. Ang tamang sagot ay (b). Ang Koto ng Silangang Asya at ang Sitar ng Timog Asya ay parehong instrumentong de-kwerdas.

3. Ang tamang sagot ay (b). Pag-ibig ang pinapaksa ng karamihan sa mga awit sa Asya. Ito ang pinakapopular na paksa ng maraming awit dito.

D. Maaaring ang mga sumusunod na sayaw ang iyong natukoy:

| | |
|---|---|
| Tarian Lilin—Indonesia | Khon—Thailand |
| Renjishi—Hapon | Fon Thien—Thailand |
| Larm See—Tsina | Pandanggo sa Ilaw—Pilipinas |
| Salp'uri—Korea | Manipuri—Timog Asya |

Rentak rentak Cahaya Lilin —Brunei

Odissi—Timog Asya

Makan Sireh—Malaysia

Bharata Natyam—Timog Asya

Candl’abra—Kanlurang Asya

Cabaret—Kanlurang Asya

E. Dapat ay may tsek ang mga sumusunod:

__4__1. Ang Candl’abra ng Kanlurang Asya

__4__2. Ang Fon Thien ng Thailand

_____3. Ang Larm See ng Tsina

_____4. Ang Wira Pertiwi ng Indonesia

__4__5. Ang Tarian Lilin ng Indonesia


__4__6. Ang Pandanggo sa Ilaw ng Pilipinas

F.




Ang isport na ito ay tinatawag na

**Sumo Wrestling**



Ang isport na ito ay tinatawag na

**Sepak Takraw**



Ang isport na ito ay tinatawag na

**Kirip**

## B. Aralin 1

*Pag-aralan at Suriin Natin Ito (pahina 8)*


Ang iyong mga sagot ay dapat na kapareho ng mga ito.


1. Hindi tama ang pananaw ni Robert sa pag-aaral tungkol sa iba’t ibang uri ng musika sa buong Asya. Bukas dapat ang kanyang pag-iisip tungkol sa pag-aaral ng mga bagay-bagay.


2. Kung ako si Robert, pupunta ako sa pagdiriwang dahil ito ay isang magandang karanasan upang matutuhan ang iba’t ibang kultura ng mga Asyano.


3. Dapat na magpunta sa pagdiriwang si Robert dahil marami siyang matututuhan sa pakikinigsa iba’t ibang uri ng musika sa buong Asya. Kung bubuksan niya ang kanyang pag-iisip sa ganitong karanasan, mas maiintindihan niya ang mga kapatid na Asyano.


*Subukan Natin Ito (pahina 10)*



Suling Bali


Rebab


Sitar


Koto


Kulintang


Gong Ageng


*Subukan Natin Ito (pahina 13)*

1. Sinasabi ng awit na mali ang magnakaw. Kung mayroon kang ninakaw, dapat na ibalik mo ito sa may-ari.

2. Mahalaga ang awit sa mga Pilipino dahil ito ay tungkol sa kanilang mga paniniwala at pagpapahalaga. Sinasabi ng awit na hindi tama ang kumuha ng gamit ng ibang tao nang hindi humihingi ng permiso.


*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 15–16)*

A.




Ang instrumentong tinatawag na Sitar

Ito ay ginagamit sa Timog Asya.



Ang instrumentong tinatawag na Kulintang

Ito ay ginagamit sa Timog-Silangang Asya.




Ang instrumentong tinatawag na Gong Ageng.

Ito ay ginagamit sa Timog-Silangang Asya.

Ang iyong mga sagot ay dapat na kapareho ng mga ito.

B. Importante ang musika at mga awitin sa mga Asyano dahil ang mga ito ay kadalasang tungkol sa mga bagay na mahalaga sa kanila (tulad ng pag-ibig, buhay, gawain, at mga pagpapahalaga).

C.




D. Dapat ay may tsek ang mga sumusunod:

__4___1. Pag-ibig

______2. Ang siyudad

__4___3. Gawain

__4___4. Pagpuri sa kanilang Diyos

______5. Paaralan

## C. Aralin 2

*Pag-aralan at Suriin Natin Ito (pp. 20–21)*

Ang iyong mga sagot ay dapat na katulad ng mga ito:

1. Nilikha ng mga taganayon ang Sayaw ng Leon bilang parangal sa mga leon na nagligtas sa kanila mula sa mga mananalakay.

2. Nilikha nila ang sayaw upang lagi nilang maalala kung paano sila tinulungan ng mga leon.

3. Ang Sayaw ng Leon ay importante dahil ipinapaalala nito kung paano tayo dapat magpasalamat sa mga taong tumutulong sa atin maging sino man sila. Tinulungan ng mga leon ang mga taganayon kaya bilang pag-alala sa kanila, naging nakaugalian nang bahagi ng mga pagtitipon ang sayaw na ito. Ipinapahiwatig ng sayaw ang isang bagay na importante sa lahat sa atin. Ipinapaalala ng sayaw na ito na dapat tayong tumanaw ng utang na loob at magpasalamat sa mga taong tumutulong sa atin.

4. Maaaring ganito ang sabihin ko: "Ang Sayaw ng Leon ay mahalagang-mahalaga dahil ipinapaalala nito sa mga tao ang isang espesyal na pangyayari nang nakalipas na panahon. Ipinapaalala nito ang araw na iniligtas ng mga leon ang buhay ng mga taganayon mula sa mga mananalakay. Kailangang itanghal ang sayaw na ito sa lahat ng panahon bilang bahagi ng kultura at pamanang pangkasaysayan ng nayong iyon."

*Subukan Natin Ito (pahina 22)*

| | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| T | A | R | I | A | N | A | S | Y | I | K | N | M |
| W | M | O | D | E | G | I | N | G | A | J | A | T |
| I | N | A | X | Z | A | W | I | R | O | P | I | T |
| R | R | E | K | E | D | A | N | M | O | Y | P | H |
| A | O | V | R | A | Y | O | P | M | O | H | K | I |
| P | P | I | Z | E | N | F | I | E | U | M | I | L |
| E | Y | H | C | R | A | S | T | P | A | R | K | L |
| R | U | P | R | E | N | J | I | S | H | I | O | A |
| T | A | H | I | A | R | L | I | R | E | M | E | N |
| I | M | J | A | S | M | A | N | T | E | N | K | A |
| W | U | W | I | R | A | M | A | R | K | H | O | N |
| I | R | N | O | R | K | H | U | N | D | I | P | O |

*Subukan Natin Ito (pahina 26)*

1. Ang sayaw ay tinatawag na Tarian Asyik.
2. Ang sayaw ay tinatawag na Wira Pertiwi.
3. Ang lahat ng iyon ay itinatanghal gamit ang kandila.

*Subukan Natin Ito (pahina 28)*

1. Ang ilang mga sayaw na nagdadala ng suwerte o nagtataboy ng kamalasan ay ang Larm See ng Tsina at Salp'uri ng Korea.
2. Ang Renjishi ay isang sayaw sa Hapon.
3. Ang Renjishi ay tungkol sa isang leon na dinidisiplina ng kanyang ama.

*Subukan Natin Ito (pahina 32)*

1. Ang candl'abra ay isang sayaw na kapareho ng Pandanggo sa Ilaw sa Pilipinas at ng Tarian Lilin sa Indonesia dahil ang mga ito ay isinasayaw gamit ang kandila.
2. Ang dalawang sayaw na nagpapahiwatig ng pasasalamat sa Diyos ay ang Manpuri at ang Bharata Natyam. Maaaring naisagot mo rin ang Kuchipudi at ang Odissi.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 32–34)*

A. 1. Oo. Maraming pagkakatulad ang mga sayaw sa Asya. May mga sayaw na gumagamit ng kandila at espada. May isinasayaw bilang papuri sa Diyos.

2. Ang tatlong sayaw na magkakapareho ay ang


   Tarian Lilin ng Indonesia

   Fon Thien ng Thailand

   Candl'abra mula sa Kanlurang Asya

3. Ang lahat ng sayaw na ito ay magkakapareho dahil itinatanghal sila gamit ang kandila.

B.




Ang iyong mga sagot ay dapat na katulad ng mga ito.

C. 1. Walang ibinibigay na magandang paliwanag ang pangungusap kung bakit importante ang pagsayaw sa mga Asyano.

2. Mahalaga ang mga sayaw dahil isinasaad ng mga ito ang kasaysayan ng isang pangkat ng mga tao. Ipinahihiwatig din ng mga ito kung ano ang mahalaga sa pangkat na ito.

## D. Aralin 3


*Subukan Natin Ito (pahina 36)*



Habulan



Trumpo



Tex



Basketball




Wrestling



Holen



Sipa



Chinese Garter



Baseball

*Subukan Natin Ito (pahina 38)*

1. Ang mga isports at laro ay nakakatulong sa pagpapanatiling malusog at maliksi ng isang tao. Kapag ikaw ay naglalaro, ikaw ay mas nagiging masigla at hindi tamad, kaya mas marami kang nagagawa.

2. Ang paglalaro at mga isports ay mahalaga dahil sa mga sumusunod:

   - Nakapagpapalakas ng katawan
   - Mas nagiging maliksi ang katawan dahil sa mas magandang takbo ng oxygen
   - Nakakapagpapaunlad ng pagtutulungan ng mga magkakasama at nagtuturo sa mga tao upang tulung-tulong na gumawa para sa isang layunin


*Alamin Natin ang Iyong mga Natutunan (pp. 42–43)*

A. 1. Ang paglalaro ng isports at iba't ibang laro ay nakapagpapalakas ng katawan ng tao.


   2. Mas nagiging maliksi ang katawan ng isang tao kapag naglalaro dahil sa mas magandang takbo ng oxygen sa katawan.

   3. Pinauunlad ng isports ang pagtutulungan ng magkakasama at tinuturuan ang mga tao upang tulung-tulong na gumawa para sa isang layunin.

B.





C.



Trumpo


Chinese Garter





Kelereng

Menko



D.


| | |
|---|---|
| Tex | Sam Pal Sun |
| Sipa | Der Ree |
| Habulan | Menko |
| Patintero | Sepak Takraw |

## E. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? *(pp. 45–48)*


A. Dapat ay nilagyan mo ng tsek ang mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| _____Sitar | __4__Gong Ageng |
| __4__Trompong | _____Koto |
| _____Kulintang | __4__Rebab |
| __4__Suling Bali | __4__Kendang Gending |
| _____Ruan | _____Gitara |

B.




Candl'abra



Kuchipudi



Khon



Wira Pertiwi



Larm See



Renjishi

C. Ang tatlong sikat na paksa ng iba't ibang awit sa Asya ay ang mga sumusunod:

1. pag-ibig
2. gawain
3. pagpuri sa Diyos

D. Dapat ay ganito ang iyong isinagot:

- Tarian Lilin ng Indonesia at Candl'abra ng Kanlurang Asya
- Rentak Rentak Cahaya Lilin ng Brunei at Pandanggo sa Ilaw ng Pilipinas

Ang lahat ng ito ay isinasayaw gamit ang mga kandila.

Dapat ay ganito ang iyong isinagot:

- Larm See ng Tsina at Salp'uri ng Korea

Ang mga ito ay isinasayaw upang magdala ng suwerte o itaboy ang malas.

Dapat ay kapareho ng mga ito ang iyong mga sagot.


E. 1. Ang musika at awitin ay mahalaga sa mga Asyano dahil ang mga ito ay kadalasang tungkol sa mga bagay na importante sa kanila (pag-ibig, buhay, gawain, at mga pagpapahalaga).

2. Ang mga tradisyunal na sayaw sa Asya ay mahalaga dahil isinasaad ng mga ito ang kasaysayan ng isang pangkat ng mga tao. Ipinahihiwatig din ng mga ito kung ano ang importante sa pangkat ng ito.

3. Mahalaga ang mga laro at isports dahil sa mga sumusunod:

- Pinalalakas ng isports at iba't ibang laro ang katawan ng tao.
- Pinaliliksi nito ang isang tao dahil sa mas magandang takbo ng oxygen sa katawan.
- Pinauunlad ng isports ang pagtutulungan ng magkakasama at tinuturuan ang mga tao upang tulung-tulong na gumawa para sa isang layunin.

F.



Kirip



Trumpo




Wrestling



Basketball



Baseball



Sepak Takraw

# Talahuluganan

**Cabaret o Belly Dance** Isang sayaw na nagmumula sa Kanlurang Asya; iginagalaw ng mananayaw nito ang mga braso at balakang nang malamyos.

**Candl'abra** Isang sayaw mula sa Kanlurang Asya kung saan binabalanse ng mananayaw sa kanyang ulo ang mga kandelabra na may mga kandila.

**Der Ree** Isang laro mula sa Thailand na katulad ng larong patintero sa Pilipinas.

**Gamelan** Isang orkestrang Asyano na binubuo ng katutubong instrumento katulad ng trompong, rebab,a t iba pa.

**Khon** Sayaw na mula sa Thailand na nagsasaad kung paano nagtatagumpay ang kabutihan sa kasamaan.

**Sayaw ng Leon** Isang sayaw na itinatanghal bilang pag-alala sa isang pangkat ng mga leon na nagligtas sa mga taganayon sa kamay ng mga mananalakay.

**Menko** Larong Hapones na kapareho ng larong Tex sa Pilipinas.

**Ngajat** Sayaw sa Malaysia na itinatanghal ng mga mandirigma na nanalo sa digmaan.

**Renjishi** Sayaw ng mga Hapones na nagsasaad ng kuwento ng isan leon na dinidisiplina ng kanyang ama.

**Salp'uri** Sayaw ng mga Koreano na itinatanghal upang itaboy ang masamang kapalaran.

**Sam Pal Sun** Laro ng mga Koreano na kapareho ng larong Habulan sa Pilipinas.

**Sepak Takraw** Laro sa Malaysia na kapareho ng larong Sipa sa Pilipinas.


**Sumo** Ang bersyon ng mga Hapon ng larong wrestling; ito ay itinuturing na sagradong laro.

**Tarian Asyik** Sayaw ng mga taga-Indonesia na tungkol sa kuwento ng reyna na nalungkot nang mawala ang kanyang alagang ibon.

**Tarian Lilin** Sayaw ng mga taga-Indonesia na gumagamit ng kandila.

**Tarian Makan Sireh** Sayaw ng mga taga-Malaysia na isinasayaw bilang pagbati sa mga bisita sa isang lugar.

**Wira Pertiwi** Sayaw ng mga mandirigmang taga-Indonesia na isinasayaw ng mga babae.



## Mga Sanggunian


Children's Folk Games (Undated). *Japanese Games.* <http://www.estcomp.ro/~cfg/japonese.html>. Date accessed: April 26, 2001.

Discover India (2001). *Kirip* (Nicobarese Wrestling). <http://www.indiagov.org/sports/tr-games/kirip.htm>. Date accessed: April 21, 2001.

Gamelan: Venerable Lake of Honey (undated). *Instruments of the Gamelan*. <http://www.si.umich.edu/CHICO/MHN/gamelanVT/gamelanVT7.html>. Date accessed: November 16, 2000.

Hiroshima City University (undated). *The 12th Asian Games Hiroshima 1994.* <http://www.hiroshima-cu.ac.jp/C/ASIA>. Date accessed: April 21, 2001.

Lark in the Morning (undated). *Musical Instruments of Japan.* <http://www.larkinam/MenComNet/Business/Retail/Larknet/japan>. Date accessed: April 11, 2001.

Pinoy Stuff (2000). *Folk Songs.* <http://www.pinoystuff/folklore/songs>. Date accessed: April 19, 2001.

Rachman, H. (2000). *Gasing*. Online Topics Magazine <http://www.rice.edu/projects/topics/edition11/games-tops.htm>. Date accessed: April 26, 2001.